# Asking my sisters

**INTERGENERATIONAL VOICES OF WOMEN**
FROM THE MORO ISLAMIC LIBERATION FRONT IN MINDANAO

# Pagtata-nong sa aking mga kapatid

**BOSES NG MGA KABABAIHAN**
NG MORO ISLAMIC LIBERATION FRONT SA MINDANAO MULA SA IBA'T IBANG HENERASYON

Berghof Foundation

**INILATHALA NG**
Berghof Foundation Operations gGmbH

© Berghof Foundation Operations gGmbH
Lindenstraße 34
10969 Berlin
Germany
www.berghof-foundation.org

March 2022
Lahat ng karapatan ay nakalaan.

**CITATION**
Pagtatanong sa aking mga kapatid. Boses ng mga kababaihan ng Moro Islamic Liberation Front sa Mindanao mula sa iba't ibang henerasyon. Na-edit ni Carolien van Hoof, Stina Lundström at Véronique Dudouet, kasama sina Mohanie U. Kasan, Mariffa M. Samayatin, Monawara Kumayog, Armia U. Ebrahim, Ledrolen R. Manriquez, Jehan A. Usop, at Baina T. Samayatin
Berlin: Berghof Foundation. 2022.

Disenyo at layout: AMBERPRESS, Katja Koeberlin, Gosia Warrink

Ang aming pasasalamat ay inaalay namin sa lahat ng kababaihang nagbahagi ng kanilang mga kuwento; at sa Berlin para kay Beatrix, sa saliw sa paglalakbay at mahalagang tulong sa paghubog ng ulat na ito.

*Ang publikasyong ito ay sumusunod sa mga yapak at naging inspirasyon ang I Have to Speak. Voices of Female Ex-Combatants from Aceh, Burundi, Mindanao and Nepal*, na inilathala ng Berghof Foundation noong 2020.

Inatasan at sinusuportahan ng GIZ, Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit.
Ang impormasyon at pananaw na itinakda sa publikasyong ito ay sa mga kalahok at hindi kinakailangang sumasalamin sa opisyal na opinyon ng Berghof Foundation, GIZ, at Moro Women Development and Cultural Center (MWDECC).

# Asking my sisters

**INTERGENERATIONAL VOICES OF WOMEN**
FROM THE MORO ISLAMIC LIBERATION FRONT
IN MINDANAO

# Pagtata-nong sa aking mga kapatid

**BOSES NG MGA KABABAIHAN**
NG MORO ISLAMIC LIBERATION FRONT
SA MINDANAO MULA SA IBA'T IBANG
HENERASYON

# NILALAMAN


6 MGA PANIMULANG SALITA NG BERGHOF FOUNDATION

8 MGA PANIMULANG SALITA NG MORO WOMEN DEVELOPMENT AND CULTURAL CENTER (MWDECC)

10 TIMELINE NG HIDWAAN

11 MGA MANANALIKSIK AT MGA KONTRIBYUTOR

46 MGA PANGUNAHING ACRONYM

14 “NARINIG KO ANG KWENTO NG MGA KABABAIHAN” MGA LANDAS SA PAKIKIBAKA

22 “ANG AMING MGA TSINELAS AY LAGING NAKAIMPAKE” BUHAY SA PANAHON NG DIGMAAN

28 “KAILANGAN NATIN ANG MGA KABABAIHAN SA KATUPARAN NG ATING MGA PANGARAP” SARILING PAGBUBUKLOD NG MGA KABABAIHAN SA PANAHON NG DIGMAAN

34 “WALANG MAIIWAN” MGA NAKAMIT NG PROSESONG PANGKAPAYAPAAN

38 “KUNG HINDI NGAYON,SA SUSUNOD NA HENERASYON” MGA ADHIKAIN PARA SA KINABUKASAN AT MGA ARAL NA NATUTUNAN

# MGA PANIMULANG SALITA NG BERGHOF FOUNDATION

Ang salaysay na ito ay naglalayong magbigay boses sa iba't-ibang henerasyon ng kababaihang aktibong kasapi ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa Mindanao, sa Pilipinas. Ito ay mga makasaysayang kwento ng pasakit at pagdurusa, mga kwento ng pakikibaka laban sa kawalan ng katarungan, sa, pangangamkam ng lupa at pang-aapi, sa paghangad ng kalayaan sa pananampalataya, sariling pamamahala, pagkakapantay-pantay ng anumang kasarian, at sa pagpapaunlad ng edukasyon. Ang pagkukuwento na ito ay nagpapakita na ang mga babaeng mandirigma ay kailangang pagtuunan ng pansin sa pagbuo ng pangmatagalang kapayapaan.

Sa pamamagitan ng pananaliksik, ang mga kabataang kababaihang miyembro ng MILF ay nagdisenyo at nagsagawa ng mga panayam sa kanilang kasamahan. Naglikom sila ng sampung kwento mula sa mga babaeng beterano ng digmaan at kanilang mga babaeng anak. Ang mga kababaihan mula sa iba't ibang henerasyon ay nagmuni-muni ng kanilang mga kadahilanan sa pagsali sa armadong pakikibaka ng MILF, ng kanilang mga napagdaanan sa panahong sila ay sumabak sa digmaan, ng kanilang mga karanasan sa kilusan, ng kanilang mga natutunan mula sa patuloy na proseso ng pagpapatupad ng mga napagkasunduan para sa kapayapaan, at ng kanilang mga mithiin para sa kinabukasan ng kanilang bansa at sa mga susunod na henerasyon.

Ang mga kwentong ito, ay nagbibigay diin sa importansya ng pagtatala ng mga salaysay na mga kababaihang naging mandirigma ng MILF. Isang seksyon na kadalasan ay nakakalimutan at walang representasyon. Sa panahon ng armadong pakikibaka ng MILF para sa Bangsamoro sa isla ng Mindanao sa Pilipinas, ang mga kababaihan sa kilusan ay inorganisa ang kani-lang mga sarili bilang mga grupo ng sibilyan at militar. Isa sa mga ito ay ang Bangsamoro Islamic Women Auxiliary Brigade (BIWAB), isang all-female force na bumubuo ng isang bahagi ng armadong pwersa ng MILF. Ang pangunahing misyon ng BIWAB ay tiyakin

ang kaligtasan ng mga mandirigma sa pamamagitan ng pag-asikaso sa kanilang mga medikal at iba pang pangunahing pangangailangan, at upang maglingkod bilang reserbang puwersa.

Kasunod ng kasunduang pangkapayapaan noong 2014 sa gobyerno ng Pilipinas, ang pagtatatag ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) noong 2019 ay tumupad sa isang sentral na adhikain ng MILF na pamunuan ang sarili nilang teritoryo at lupang kinalakhan. Dahil dito, sinimulan ng MILF ang pagdis-arma sa kanyang mga mandirigma. Sinamantala ng mga kababaihan ng BIWAB ang panahong ito upang ibahin ang kanilang istrukturang militar tungo sa isang organisasyong sibilyan na kanilang pinamumunuan, ang League of Moro Women Organization Incorporated (LMWOI).

Ang mga testimonya na naisalaysay sa librong ito ay gawa ng Moro Women Development and Cultural Center (MWDECC). Ito ay may pinansyal na suporta mula sa German Corporation for International Cooperation (GIZ). Ang salaysay ay may kasamang video documentaryo, na inilunsad noong Oktubre 2021 sa pamamagitan ng isang pagtitipon ng mga kababaihan. Nagkaroon ng dialogo sa iba't ibang henerasyon upang pagnilayan ang mahahalagang kontribusyon ng mga babaeng kumander ng BIWAB sa huling tatlong dekada ng pakikibaka, gayundin ang mga adhikain ng kanilang mga nakababatang kababaihan sa pagpapatuloy ng Jihad sa pamamagitan ng mapayapang panlipunan at pampulitikang aktibismo.

Ang ulat na ito ay nagpapatibay sa aming paniniwala na kailangan ng mas makahulugang larawan ng iba't ibang paraan kung saan ang mga kababaihan ay sumali at lumahok upang maiwasan ang digmaan at bigyang-daan ang pang matagalang kapayapaan; at kailangang madinig ang mga tinig ng mga kabataang magiging susunod na mga lider ang kanilang mga inaalala at ang kanilang mga inaasahan sa proseso ng kapayapaan – ay makakatulong sa pagpapalakas ng kanilang kakayahan at papel sa pagbuo ng kapayapaan.

# MGA PANIMULANG SALITA
NG MORO WOMEN DEVELOPMENT AND CULTURAL CENTER (MWDECC)

Ang ulat na ito, at ang kasamang video documentary, ay produkto ng sama-samang pagsisikap ng MWDECC at BIWAB upang bigyang liwanag ang hindi dokumentadong partisipasyon at kontribusyon ng kababaihan sa pakikibaka ng Bangsamoro. Ito ay magpapamulat sa kabataang henerasyon sa mga tungkuling ginagampanan ng mga kababaihang Bangsamoro habang sila ay nag-ambag sa pagkamit ng kalayaan at pangmatagalang kapayapaan at kaunlaran sa tinubuang-bayan ng Bangsamoro.

Ang mga naitala at dokumentadong salaysay ay itinuturing na isang makasaysayang dokumento na magsisilbing mahalagang sanggunian para sa mga susunod na henerasyon na magiging bahagi ng hinaharap na Bangsamoro saga. Ang susunod na henerasyon, na magpapahalaga at magtatangkilik sa mga bunga ng mga sakripisyo ng BIWAB, ay maaaring makakuha ng mga aral mula sa mga wala pang katulad na kontribusyon ng mga kababaihan dahil pinangunahan nila ang pakikipaglaban para sa karapatan ng kanilang bansa.

Ang pagsasakatuparan ng proyektong ito ay sumailalim sa isang masusing proseso, mula sa pagpili ng mga mananaliksik hanggang sa pagkilala sa mga nakapanayam. Ang pagtatatag ng proseso ng koordinasyon at mekanismo na nakaangkla sa konteksto ng mga komunidad ng  Bangsamoro na apektado ng labanan ay may mahalagang papel sa tagumpay ng pagpapatupad ng proyektong ito. Ang mga contingency plan ay itinakda upang matiyak na ang mga hindi kanais-nais na sitwasyon at iba pang mga dumarating na kaganapan na makahahadlang sa pagsasagawa ng proyekto ay maagapan. Una at pangunahin, ang mga hamon na nauugnay sa pandemya ng COVID-19 ay hinarap nang naaayon.

Ang mga pamantayan ay ibinigay sa pagpili ng mga mananaliksik na isinasaalang-alang ang mapaghamong katangian ng trabaho. Kaya naman, ang grupo ng mga manana-liksik na nagsagawa ng mga pana-yam ay pinili mula sa BIWAB upang matiyak at mapanatili ang tiwala at kumpiyansa ng mga nakapanayam sa buong proseso. Pinili ang mga mananaliksik batay sa itinakdang pamantayan tulad ng mga narating sa pag-aaral. Ang mga mananaliksik ay kailangang maging katanggap-tanggap at pinagkakatiwalaan ng BIWAB, na may matibay na pangako at kagustuhan na maglingkod sa BIWAB at MWDECC hindi lamang sa proyektong ito.

Ang karanasan, heograpikal na lokasyon at tribo ay kabilang sa mga natukoy na mga variable na ginamit sa pagpili ng mga nakapanayam na nauuri bilang mga matatanda at mga batang mandirigma. Pareho silang kinapanayam upang matiyak na ang pareho pangkat ng edad ay kinakatawan sa dokumentaryo.

Sana, ang ulat na ito ay makatulong upang maliwanagan ang mga anak ng mga babaeng mandirigma na pinagkaitan ng kanilang mga karapatan upang tamasahin ang isang kumpleto at masayang buhay pamilya habang ang kanilang mga ina ay nasa pakikibaka. Ito rin ay magsisilbing instrumento para sa pagkabuo ng mga pamilyang dumanas ng kawalang-kasiyahan at pagkakawatak-watak sa mahabang panahon.

# TIMELINE NG TUNGGALIAN

| | |
|---|---|
| 1978 | Ang pagtatatag ng MILF sa ilalim ng pamunmuno ni Ustadz Hashim Salamat |
| 1984 | Pagtatatag ng Bangsamoro Islamic Women Auxiliary Brigade (BIWAB). |
| Enero 7, 1997 | Pinasimulan ang pormal na Usapang Pangkapayapaan sa pagitan ng GPH at MILF noong administrasyon ni dating Pangulong Fidel Ramos |
| Marso 22, 2000 | "All-out War" ay inilunsad ng goyerno laban sa MILF sa ilalim ng administrasyon ni dating Pangulong Joseph Estrada |
| Pebrero 11, 2000 | Isa pang "All-out War" ang pinakawalan ni dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo laban sa MILF |
| Oktubre 14, 2008 | Sumiklab ang armadong bakbakan sa pagitan ng pwersa ng GPH at MILF nang maglabas ng Temporary Restraining Order (TRO) and Korte Suprema sa unang nilagdaan na Memorandum of Agreement on Ancestral Domain (MOA-AD) |
| Oktubre 15, 2012 | Pagpirma ng Framework Agreement on the Bangsamoro (FAB) sa Manila, Philippines sa ilalim ng administrasyon ni dating Pangulong Benigno Semion Aquino III. |
| Marso 27, 2014 | Paglagda ng pinal na Kasunduang Pangkapayapaan, and Comprehensive Agreement on Bangsamoro (CAB), sa pagitan ng GPH at MILF sa Maynila |
| Hulyo 26, 2018 | Pinirmahan ni Pangulong Rodrigo R. Duterte and landmark na Bangsamoro Organic Law (BOL) na pumapalit sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM). |
| Enero 21, 2019 at Pebrero 6, 2019 | Pagpapatibay ng Republic Act (RA) No. 11054 o ang Bangsamoro Organic Law (BOL) sa pamamagitan ng mga plebisito at ang pagtatatag ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM). |

# MGA MANANALIKSIK



MS. MOHANIE KASAN



MS. MARIFFA SAMAYATIN



MS. MONAWARA KUMAYOG

# MGA KONTRIBYUTOR

**MGA BABAENG EX-COMBATANTS MULA SA BANG-SAMORO ISLAMIC WOMEN AUXILIARY BRIGADE (BIWAB)**

**MS. ANISA "LING" GUMANDER,** edad 68,
BIWAB Brigade Commander, nagsilbi sa loob ng 49 na taon.

**MS. (MALIYA D.) WILMA MADATO**, edad 54,
BIWAB Training and Education Department, nagsilbi sa loob ng 44 na taon.

**MS. ALYAH E. SALIK**, edad 44,
BIWAB Battalion Commander, nagsilbi sa loob ng 26 na taon.

**MS. PAHMIA SEBING-HAMID**, edad 49,
BIWAB Battalion Commander, nagsilbi sa loob ng 26 na taon.

**MS. UMMO WEEDAD MIMBANTAS**, edad 60,
BIWAB Battalion Mursidat, nagsilbi sa loob ng 22 na taon.

**MS. ROQAYYA CAMALUDIN BILAY**, edad 50,
BIWAB Battalion Commander, nagsilbi sa loob ng 26 na taon.

**MS. HASNAH MACMOD ABDOLLAH**, edad 42,
BIWAB Battalion Commander, nagsilbi sa loob ng 26 na taon.

## MGA KABABAIHAN MULA SA KABATAANG HENERASYON NG BIWAB COMBATANTS AND MEMBERS

**MS. JOHANI DIMALAO IBAD**, edad 25,
BIWAB Battalion Commander, nagsilbi sa loob ng sampung taon.
Ang kanyang ama, Zuharto Ibad, isang Battalion Commander ng BIAF, ay kabilang sa National Guard.

**MS. NORJANE HUSSEIN ANDONG**, edad 39,
BIWAB Executive Secretary. Ang kanyang ama, Hon. Hussein P Munoz, ay ang Deputy Chief of Staff ng MILF at miyembro ng BARMM Parliament mula sa MILF.

**MS. SOPHIE Y. SAMION**, edad 31 at

**MS. SHATRA Y. SAMION**, edad 27,
kasapi ng BIWAB. Ang kanilang ama, Murphy L. Samion, ay miyembro ng BIAF.

**MS. RAJMA EBRAHIM**, edad 29,
instructor at Chairwoman ng Lumpukan na Kababayan Consumer Cooperative. Ang kanyang ina, Maria Amor Ebrahim, ay isang Provincial Chairwoman ng Social Welfare Committee (SWC), at ang kanyang ama, Sahar Ebrahim, ay kasapi ng BIAF.



**MS. PAHMIA SEBING-HAMID** | EDAD 49

# "NARINIG KO ANG KWENTO NG MGA KABABAIHAN"

*Ang karahasan, pang-aapi, hindi pagkakapantay-pantay at pagkakait ay nagtulak sa mga tao at komunidad na gumawa ng mahihirap na desisyon sa panahon ng digmaan, bunsod ng mga dramatikong personal at kolektibong karanasan. Anong mga salik/kadahilanan ang nagtutulak sa kababaihan na sumali sa panawagang pakikipaglaban bilang isang mandirigma, isang tagapagsanay, isang nars, isang kusinero, o isang aktibistang panlipunan? Ang iba't ibang mga tugon sa tanong na ito ay nagpapakita ng mga intergenerational pattern. Ibinahagi ng mga senior na babaeng beterano na nagsisilbing BIWAB commander o trainer ang kanilang mga masasakit na alaala ng kolektibong diskriminasyon at panunupil, gayundin ang kanilang direktang karanasan sa karahasan, tortyur at pagpatay sa malalapit na miyembro ng pamilya. Ang kanilang mga kasamahan mula sa nakababatang henerasyon ay sumali sa pakikibaka dahil sa mga ugnayan ng pamilya sa kilusan, gampanan ang tungkulin, at ang pagnanais na isulong ang Jihad.*

# MALAWAKANG DISKRIMINASYON AT PANG-AAPI

Pahmia Sebing-Hamid

Kinailangan naming sumali sa pakikibaka dahil sa oppression at diskriminasyon.

Anisa "Ling" Gumander

Sumapi ako dahil nakita at nasaksihan namin ang mga pangyayari. Unti-unting inuubos ang mga kamag-anak natin lalo na ang mga kamag anak nating Islam sa may bandang North (Upstream).

Nung 1972, ang mga Bangsamoro ay sadyang tinututulan kahit wala naman silang ginagawa, at dahil doon nagkaroon ng kamulatan ang mga kapatid nating Muslim para lumaban dahil ayaw nating mangyari na pinapatay nalang tayo ng walang dahilan.

Roqqaya Calamudin Bilay

Masakit sayo na makita at masaksihan ang pang-aabuso sa mga kapatid mong Muslim na pinagkaitan ng kanilang sariling bahay at kinuha ang kanilang mga alagang hayop. Nasaksihan ko ang mga pang aabusong ginawa sa kanila. Yun ang nag-udyok sa akin para sumali sa pakikibaka.

Hasnah Macmod Abdollah

Pati narin sa aming isipan at sa kaibuturan ng aming puso kami ay lalaban dahil sa mga dinanas ng aming mga ninuno dito.

Norjane Hussein Andong

May mga panahon na pag nakatundong ka, susundan at iimbistigahan ka ng mga sundalo kahit pa na nasa Mall ka. Takot na takot ako dahil hindi ko alam kung ano ang nasa isip nila. Baka iniisip na nila na isa akong terrorista o MILF ako. Hindi kami malaya ng mga panahon na yun.




**MS. HASNAH MACMOD ABDOLLAH** | EDAD 42

Anisa "Ling" Gumander

> Natatakot din naman kami, walang taong di matatakot, pero tinitiis namin dahil sa ayaw namin ang pang-aapi at nakita namin na ang mga kapatid naming mga lalake ay nakikipaglaban.

Rajma T. Ebrahim

> Alam ko kung ano ang pinaglalaban namin. Alam kong lumalaban ako para sa aking kalayaan sa pananampalataya.

Pahmia Sebing-Hamid

> Kami ay inagawan ng lupa, pinalayas kami sa sarili naming lupain. Kaya obligasyon nating sumali sa Jihad.

Hasnah Macmod Abdollah

> Lalo na ng maikwento sa akin itong mga massacre, aking napagtanto na mapabata at matanda ay kailangang sumali sa Jihad, kahit hindi natin kayang makipag bakbakan, kahit sa ating mga salita lamang, at sa ating mga mabubuting gawain.

Roqqaya Calamudin Bilay

Sumali ako sa BIWAB kasi naranasan ko ang hirap, kasama ng aking mga magulang. Napakahirap talaga ng aming sitwasyon, napakahirap lalo na kung walang maninindigan sa aming karapatan bilang Muslim, lalong -lalo na dito sa Salama, minority lang ang mga Muslim dito.

## KARAHASAN SA KASARIAN

Alyah E. Salik

Nung narinig ko po yung history sa mga kababaehan dati na ginagalaw, pinagsamantalahan ng mga sundalo, na walang kalaban laban, pinapatay, nasabi ko sa sarili ko na paglaki ko, In Shaa Allah kung may grupo na handang sanayin ako sa military ay sasabak po ako, sasali po ako para hindi ko po maranasan ang mga pinagdaanan ng mga kapatid kong babaeng Bangsamoro. Ito po ay isa sa mga dahilan na nagtulak sa akin upang sumali.

Anisa “Ling” Gumander

Ang hindi ko malilimutan hanggang ngayon, noong 1978 ay kinuha ang pinsan ko na babae ng mga sundalo. Ang pangalan niya ay Camilla Gumander, para ko na rin siyang kapatid. Ginahasa siya ng sundalo. Ilang buwan rin siyang kinulong sa kampo ng mga sundalo. Nakatakas lamang siya dahil nagkaroon siya ng kaibigan na isang sundalo rin at tinulungan siya para makatakas. Ngunit pagdating nya ng bahay, ang buong katawan nya ay puno ng sunog ng sigarilyo. Ito ay kagagawan ng mga sundalo pagkatapos siyang pagsamantalahan. Ang isa ko pang pinsan ay kinuha rin ng mga sundalo at pinugutan nila ng ulo at yung ulo niya ay nilagay sa isang sombrero. Ang nabawi lang namin ay ang kanyang katawan at inilibing na lang namin ng walang ulo.

Hasnah Macmod Abdollah

Ang aking mga pinsan na mga babae ay kinuha at nilagay sa naval boat. Ibinilad sila sa init ng araw sa loob ng dalawang araw. At nang mamatay na sila ay itinapon na sila sa dagat. Ang mga bata na namatay ay hindi na nailibing bagkus itinapon sila sa dagat na hindi man lang lumapit sa pampang ang bangka.

Maliya Madato

Sabi ko sa sarili ko na sasali ako sa BIAF nang sa ganun ay hindi ako magaya sa mga babae na biktima ng karahasan, na ginagahasa ng mga sundalo pagkatapos ay tinatapon nalang.

Pahmia Sebing-Hamid

Nung panahon ng martial law, ang mga kababaihan ang pinakabiktima ng karahasan at panlabag sa karapatang pantao.

## MGA UGNAYAN NG PAMILYA AT MGA KARANASAN SA PAGITAN NG HENERASYON

Maliya Madato

Sumali ako para protektahan ang aking sarili at ang aking pamilya.

Pahmia Sebing-Hamid

Mahirap para  sa akin kasi sumali ako sa digmaan sa bundok. Iniwanan ko ang pamilya ko na wala akong naiwan na kahit isang sentimo. Pag alis ko, hindi ko sigurado kung makakauwi pa ba ako ng buhay. Subalit wala akong magagawa kundi ang makibaka para sa kapakanan nila.

Johani Ibad

Sumali ako sa BIWAB dahil naging inspirasyon ko ang tatay ko. Isa siyang miyembro ng MILF BIAF at nakita ko yung sensiridad niya at kung gaano siya ka desidido sa trabaho niya bilang isang Commander ng BIAF. Lumaki kami na hindi namin masyadong nakikita yung tatay namin kasi palagi siyang nasa kampo.

Norjane Hussein Andong

Isang bagay na natutunan ko noong nag training ako sa BIWAB ay kung gusto natin magkaroon ng gantimpala kapareho ng ating mga magulang, kailangan din natin pagdaanan kung anu man yung pinagdaanan nila.

Rajma T. Ebrahim

Umiiyak ang  nanay ko noon kasi ang bata ko pa daw at alam niya na ang BIWAB ay maaring sumabak sa giyera. Mabuti nalang na ang aking pinuno ay tita ko din kaya pinagkatiwalaan namin siya. Ang mga pinsan ko at mga kamag-anak ay kasapi din ng BIAF at BIWAB. Halos lahat kami dito ay kasapi ng BIAF, Social Welfare Committee (SWC) at BIWAB.

Norjane Hussein Andong

Ang mga pinsan at mga kamag-anak ko ay miyemro din ng BIAF at BIWAB. Halos lahat kami dito ay miyembro ng grupo ng BIAF, SWC at BIWAB. Alam ko po kung ano ang nangyayari dahil Brigade Commander ang tatay ko dito sa Davao sa mga panahong iyon.

Hasnah Macmod Abdollah

Sumali ako sa Jihad para sa susunod na henerasyon. Kahit hindi na namin maaani ang magiging bunga ng aming pakikibaka, sa gayon ay di na mararanasan ng aming mga anak o ng susunod na henerasyon ang paghihirap na dinanas ng aming mga magulang, at makikinabang sila sa magiging bunga ng aming sakripisyo at paghihirap.

Anisa “Ling” Gumander

Kahit ano ang mangyari ay magpapatuloy pa rin ako at hinding hindi ko makakalimutan ang mga hindi makatarungan at karahasang naranasan ng aking pamilya.




MS. UMMO WEEDAD MIMBANTAS | EDAD 60

## RELIHIYOSONG APELA

Sophie Y. Samion

Ang dahilan kung bakit ako sumali ay Jihad. Jihad lamang.

Shatra Y. Samion

Sumali ako dito para po mapalakas ang aking pananampalataya sa relihiyong Islam. Kahit ako ay babae lang, talagang sumusoporta ako sa BIWAB. Kasi ang BIWAB ay kasama rin ng BIAF, kaya gusto ko talagang sumali sa Jihad, lumaban para sa Allah.

Norjane Hussein Andong

Laging nagtatatag at nagpapatupad ang tatay ko ng mga programang may kaugnayan sa Jihad. So nakikita natin na bilang anak, obligasyon naming suportahan kung ano yung ginagawa at nasimulan ng ating mga magulang, maliban pa sa obligasyon natin sa ating relihiyong Islam.



**MS. RAJMA T. EBRAHIM** | EDAD 29

# “ANG AMING MGA TSINELAS AY LAGING NAKAIMPAKE”

*Ang buhay sa panahon ng giyera ay isang buhay na madalas ang takot at may kasamang personal at kolektibong sakripisyo. Ang mga pagdurusa sa personal, pamilya at komunidad ay nagiging isang nakakatakot na bahagi ng pang-araw-araw na buhay, na nag-iiwan sa mga tao ng mahihirap na desisyon na dapat gawin at masasakit na alaala na dapat ayusin. Paano nagpapalaki ng mga anak sa gitna ng digmaan? Paano mo tinitiis ang gutom kapag pinaputukan ng bala? At paano maisasabuhay ang relihiyon kung ang iyong relihiyon ang dahilan kaya ka naging target? Sa kasagsagan ng sigalot, ang mga obligasyon at tungkulin bilang kababaihan, ina, at miyembro ng MILF ay kailangang gampanan ng magkasabay.*

## HIRAP SA DIGMAAN

Anisa "Ling" Gumander

Noong March 9,1973, doon na nagsimula ang opensiba dito sa Sultan Kudarat. Lumikas lahat ng sibilyan. Sa loob ng mahigit sampung araw, sa evacuation area kami nanatili. Kinailangan na naman ng civilian na lumikas dahil may barilan na naman at hindi na rin nila kinakaya ang gutom. Lahat ng paghihirap ay naranasan namin gayun pa man Alhamdulillah (praise Allah) dahil sa mga panahon na yun wala namang namatay, marahil dahil sa pananalampalataya nang mga tao.

Roqqaya Calamudin Bilay

Bomba dito, bomba doon, yung mga tsinelas namin laging naka packbag kasi sabi ng kapatid ni Ama "Bai wag ninyong pabayaan yung gamit ninyo baka mamaya magbakwit tayo." Ako hindi ko maka ka limutan hanggat mamatay ako yung wala na kaming pagkain. Hindi kami makakuha ng supply ng pagkain kaya kumain na lang kami ng ubod ng saging na hinaluan ng udang (dried shrimp) para makasurvive. May mga panahon na luya lang ang kinakain namin sa shuhor. Syempre, ipinagpapatuloy namin ang aming pag aayuno sapagkat bahagi ng pananampalatayang Islam. Mahirap talaga kasi kaming mga naka-hijab aalisin namin ito para lang makadaan papuntang training camp at para hindi pagsuspetsahan ng mga sundalo.

Pahmia Sebing-Hamid

Kung tatanungin ako kung gaano kahirap para sa isang mujahidin na magpalaki ng anak, napakahirap, aalis ka na walang maiiwan sa pamilya mo ngunit kailangan mong gawin dahil may obligasyon ka na dapat gampanan.

## MGA TUNGKULIN NG KASARIAN

Anisa "Ling" Gumander

Nung mga panahon na yun ay hindi ako napasabak sa barilan/bakbakan dahil naroroon pa naman yung

mga kalalakihan at hangga't may mga kalalakihan pa di muna sasabak ang mga babae. Combatant yung mga lalake at non-combatant ang mga babae. Kapag suporta naman ang pag-uusapan, dinadalhan namin sila ng pagkain, binibigyan sila ng banig, malong at iba pang pangangailangan na kaya naming ibigay, yun po yung responsibilidad ng BIWAB.

Ummo Weedad Mimbantas

Bilang isang babae, kami lang ang madaling nakakadaan sa mga checkpoint. Sa mga panahong iyon, hindi mabilang ang dami ng checkpoint sa highway kaya malaki ang tungkuling ginagampanan ng mga kababaihan sa panahon na yun.

Rajma T. Ebrahim

BIWAB ay parang BIAF din. Pero ang BIWAB ay nasa likod lamang ng mga BIAF para sumuporta. BIWAB ang tumutulong para maihatid ang mga suplays, naghahatid ng mga pangangailangan ng mga kalalakihan na miyembo ng BIAF tuwing may guerilla war.

Roqqaya Calamudin Bilay

Gusto naming gampanan ang aming tungkulin kahit man lang pagdala ng bala o mga baon nila yun ang gagawin namin InShaa Allah.

Anisa "Ling" Gumander

Lahat ng gawain dito sa mundo ay hindi maaring lalaki lamang ang gagawa, kailangan din ang mga babae.

Noong kasagsagan ng gyera, may mga sugatan at may mga namatay din. Wala akong pinag aralan sa larangan ng panggagamot, ngunit marami akong naoperahan na tinamaan ng bala. Tanging notebook lang ng mga trainees ang tinitingnan ko (as reference) dahil wala pang medics at doktor noon na kasapi sa pakikibaka.

Ummo Weedad Mimbantas

Ang uri ng digmaan noon ay digmaang gerilya. Tinuruan kami paano mag inject ng gamot at maglagay ng dextrose dahil walang aktibong manggagamot. Ang mga babae ay sinanay sa labas para matutong manggamot ng mga sugatan.

Roqqaya Calamudin Bilay

Noong magdeklara ng all-out war si Erap Estrada, inalis namin ang aming niqab dito sa Davao Oriental. Mahirap ihatid ang mga kailangang gamot para sa mga sugatan nating kapatid sa BIAF. Ang ginawa namin ay binalot ang mga dextrose, bandage at gamot na parang regalo tapos sumakay kami ng motor na nakasuot ng casual dress lang para magkunwaring dadalo kami ng kasal.

Norjane Hussein Andong

So Alhamdullilah, may mga pagkakataong nakatulong po tayo, tulad ng paglilikom ng mga gamot at iba pang pwedeng maitulong mula sa mga kamag-anak sa panahong may bakbakan. At dahil mga bata pa po tayo masyado, wala tayong kakayahang financial at limitado masyado po yung resources natin.

Alyah E. Salik

Ang gusto ko po talaga ay sumali sa kasundaluhan. Sumali po ako as medical aide hanggang 1994, tapos sumali ako sa military training ng BIWAB. Sumabak ako sa basic training sa Camp Abubakar noong 1994 din.

## EDUKASYON SA MGA HENERASYON

Johani Ibad

Sa amin po bilang mga anak, ni minsan hindi po kami nagkaroon ng tampo o galit sa aming ama, sa halip ay dahilan pa ito para mas lalo pa namin siyang ipagmalaki. Ang kanyang dedikasyon sa tungkulin at paninindigan sa kanyang prinsipyo ay aming ipinagmamalaki. Kahit wala siya masyadong oras sa amin, lagi parin niya kaming pinaaalalahanan na mag-aral dahil edukasyon lang ang tanging pamanang maiiwan niya sa amin.

Yung mga trainings namin ay hindi naman ganon kahirap kumpara sa mga naunang miyembro. Ang kanilang pangsasanay ay naging lihim. Samantalang ang aming training ay yung sa Basic Military Training

Course lang, kaya hindi ganon kahirap pero naranasan parin namin yung matulog sa dahon lang ng saging at ang kinakain lang namin ay kangkong at asin lang.

Anisa "Ling" Gumander

Para sa akin hangga't kaya naming mga BIWAB ay gagawin namin ang mga kautusan para sa ikabubuti ng Bangsamoro. Matanda na ako ngunit nananatili parin akong nandito. Sinakripisyo ko pati ang aking pag-aaral. Hindi ako nakapag tapos ng pag-aaral sa parehong English at Arabic dahil dito ako nagfocus sa BIWAB.

Norjane Hussein Andong

Akala nila dahil rebelde ang aming ama, wala syang kakayahang magpa-aral ng mga anak, Alhamdullilah na kahit ganun, mayron kaming management graduate, yung pangatlo sa amin ay nakagraduate din siya sa Jamiah Cotabato University, at ang bunso naming babae ay graduate ng Human Resource.

Alyah E. Salik

Natapos ko ang high shool na hindi ko na napasukan ang huling grading period, kasi nasa training na po ako sa Bombaran sa loob ng dalawang buwan.

Pahmia Sebing-Hamid

Nasa second year college ako ng sumali ako sa Jihad. Pinagsikapan ko talagang magampanan ang tungkulin ko sa Jihad sa kabila ng kahirapan. Ginawa ko sa abot ng aking makakaya kung ano ang inaasahan sa akin para sa kinabukasan.

Norjane Hussein Andong

Pakinggan natin ang mga kwento ng mga magulang at mga tiyuhin natin, para mas mapahalagaan natin ang sarili nating kasaysayan at ang kasaysayan ay maitanim sa ating mga puso't isipan. Pagsikapan nating maipagmamalaki tayo ng mga susunod na henerasyon.

# SARILING PAGBUBUKLOD NG MGA KABABAIHAN SA PANAHON NG DIGMAAN



**MS. ALYAH E. SALIK** | EDAD 44

# “KAILANGAN NATIN ANG MGA KABABAIHAN SA KATUPARAN NG ATING MGA PANGARAP”

*Ang armadong hidwaan ay humuhulma at nagbibigay ng oportunidad na muling tingnan ang mga tungkulin base sa kasarian, ang pag oorganisa sa sarili ay nakakatulong upang magbigay kahulugan sa kanilang mga layu-nin. Ang BIWAB ay nagsasaad ng kwento ng sama-samang pagkilos ng kababaihan. Umukit sila ng espasyo para sa kanilang mga sarili sa pambansang pakikibaka sa pagpa-palaya ng mamamayang Bangsamoro, sa pa-mamagitan ng paglilingkod sa kanilang mga komunidad.*

Ummo Weedad Mimbantas

Ang BIWAB nagsimula noong 1991, Bangsa Bae ang tawag sa kanila. Tumtulong sila sa mga rebelde. Kapag kailangan nila ng mga gamot, ang mga babae ang nagbibigay sa kanila. Ang mga babae ang nagdadala ng kung ano ang kailangan nila sa kagubatan. Ang mga BIWAB ay parte ng gobyerno sa komunidad. Layunin namin ang maipakita na kailangan ang mga kababaihan upang matupad ang mga pangarap natin para sa maayos na pamamahala sa ating lugar. Mahirap makamit ang pangarap kung hindi magkakaisa ang kalalakihan at kababaihan.

Maliya Madato

Pangunahing layunin namin ay ma-Islamize ang mga kababaihan natin sa ground. Pangalawa ay palakasin at maempower ang mga babaeng military. Pangatlo, ay yung sinasabi natin na interest, ibig sabihin ng interest ay yung interesado at nakatuon ang ating mga kasamahan sa kanilang trabaho, interesado silang gampanan ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad.

Never kami nag recruit ng mga babae na magtraining pero sila na talaga yung lumalapit, nagbigay sila ng application. Meaning hindi ito sapilitan na ginagawa ng mga kababaihan ng Bangsamoro, it is voluntarily.

Roqqaya Calamudin Bilay

Kung ikaw ay BIWAB, kailangan mong sumailalim sa programang Islamisasyon at katuruan patungkol sa Jihad.

Sophie Y. Samion

Military exercise ay kasama na dun sa training. Umaga at hapon ay nagmamartsa kami at nagdarasal pagkatapos ng pananghalian.

Maliya Madato

Tinuturo namin sa mga kababaihan kung ano ang kanilang mga karapatan. Pinupuntahan namin sila sa mga komunidad at nagbibigay kami ng mga babasahin tungkol sa karapatan ng mga kababaihan para




**MS. ROQQAYA CALAMUDIN BILAY** | EDAD 50

lumawak at mabago ang kanilang paniniwala na ang isang babae ay hindi lamang tagaluto sa bahay, at nag-aasikaso ng kanyang asawa, kundi mas may malaki pa syang tungkulin. Determinado akong sanayin sila para maprotektahan nila ang kanilang mga sarili. Tayong mga kababaihan ang kadalasang biktima. Ito talaga ang nagtulak sa akin para sumali sa training.

Anisa "Ling" Gumander

Ang BIWAB ay isinusulong ang partisipasyon ng kababaihan sa lahat ng aspeto. Hindi tayo dapat maisantabi sa anumang gawain dahil lang sa ating kasarian. Kung ang mga lalaki ay combatant at ang mga babae ay non-combatant, hindi ito gagana ng walang koordinasyon o ugnayan. Sapagkat mayroong kakayahan ang kababaihan na wala ang mga kalalakihan, mayroon ding kakayahan ang mga kalalakihan na wala ang mga kababaihan.

Ummo Weedad Mimbantas

Itinaguyod at isinulong natin ang Islam. Hinikayat natin ang mga kababaihan na sumali dahil kailangan nating gawin ito bilang Muslim.

Norjane Andong Hussein

Kaya maganda po yung maibahagi natin, hindi man lahat pero parte tayo ng ating kasaysayan bilang mga kababaihan at kanilang mapagtanto ang ginawang sakripisyo ng ating mga pinuno. Hindi na ulit natin mararanasan ang kawalan ng katarungan at pang-aapi dahil sa mga sakripisyo ng BIAF at BIWAB.

Rajma T. Ebrahim

Sa ngayon, nagtutulungan ang ating mga organisasyon. Ang kababaihan at kalalakihan ay may pagkakaisa at pagtutulungan. Ang BIWAB ay isang organisasyon ng kababaihan sa buong Mindanao na makakatulong sa mga kalalakihan.

Johani Ibad

Masaya ako bilang isang myembro ng BIWAB, at andito ako para sa Jihad. Masaya ako ngayon dahil nakamit na natin ang BARMM at naging isa ako sa mga instrument sa pagtatag nito.

Alyah E. Salik

Hindi ko po ni minsan binitawan ang Battalion ko, kahit hirap na hirap na ako, hindi ko alam kung ano ang dadatnan ko sa bahay, kung may dadalhin ba ako sa mga anak ko sa bahay, gatas nila, pagkain nila, kasi alam ko na maaabot ko ang mga pangarap ko sa pamamagitan ng BIWAB. Ang pinakamasayang bahagi ay nung malaman at maintindihan namin ang kahalagahan ng aming ginagawa, kung gaano kahalaga ang aming partisipasyon sa Jihad, at kung gaano kahalaga ang aming suporta para sa mga Bangsamoro Leaders.



**MS. MALIYA MADATO** | EDAD 54

Hasnah Macmod Abdollah

Sana, ang aking partisipasyon sa BIWAB at partisipasyon ng mga kasamahan sa BIAF ay maging daan upang mangibabaw ang Islam.

Sophie Y. Samion

Maipagmamalaki ko din na dahil sa BIWAB lumakas ang aking pananampalataya sa islam.

# MGA NAKAMIT NG PROSESONG PANGKAPAYAPAAN



**MS. JOHANI IBAD** | EDAD 25

# “WALANG MAIIWAN”

*Ang prosesong pangkapayapaan ay nagdulot ng positibong pagbabago at kapansin-pansing mga benepisyo. Para sa mga kababaihang nag-alay ng maraming taon ng kanilang buhay sa pakikibaka, sa wakas ay mailalaan na nila ang kanilang oras para sa pamilya, maranasan ang kalayaan sa relihiyon, at makibahagi sa sariling pamamahala.*

Pahmia Sebing-Hamid

Ako ay nagpapasalamat dahil meron ng proseso ng kapayapaan. Nakakapiling ko na po ang aking pamilya lalong lalo na ang aking mahal na mga anak, dahil noong panahon ng digmaan ay di ko talaga sila nakapiling sa loob ng mahabang panahon. Saglit lang at maiksi lang ang mga panahong nagkakasama kami noon.

Johani Ibad

Ngayong nakamit na natin ang Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM), marami na ang pagbabago. Naranasan na namin na pumunta sa iba't ibang lugar, nagpupulong sa mga hotels at marami pang iba.

Hasnah Macmod Abdollah

Malaki talaga ang nangyaring pagbabago sa BIWAB kumpara noon at ngayon, dahil yung noon ay sa mga bundok kami nagmimeeting dahil hindi kami maaaring bumaba dahil takot kami sa mga kasundaluhan. Bale ngayon ay nakikita at nararamdaman na namin ang pagbabago na dulot ng BARMM, dati kasi ay sa bundok kami nagmimeeting, nagdadala kami ng sarili naming baon kahit bagoong lang ay ayos na sa amin dahil nagtatago kami sa mga sundalo. Pero ngayon, hindi na kami nagpupulong sa bundok kundi sa magagandang hotels kung saan libre na ang aming pagkain at tinutulugan. Ito ang mga pagbabago na pinapasalamatan namin ang BARMM.

Roqqaya Calamudin Bilay

Mararamdaman mo talaga ang diskriminasyon sa Muslim minority noon. Inaapi tayo na siyang nagtulak sa atin para sumali sa BIWAB. Hindi katulad ngayon na nagagamit na natin ang ating mga karapatan, nakakapagsuot na tayo ng niqab. Alhamdulillah, nakatulong ang paninindigan ng mga kababaihan laban sa pang aapi, para makamit natin ang kalayaan ngayon.

Norjane Hussein Andong

Maswerte ang mga babae ngayon, dahil wala ng diskriminasyon sa mga naka-hijab at naka-niqab, di na nila kailangang magtanggal ng niqab, di kagaya noon, na

kailangan nilang magtanggal kasi natatakot sila. Tinuturing kang rebelde, dadakipin ka anumang oras kapag nakatundong ka.

Mararanasan natin ang pangmatagalang kapakayapaan kung ibibigay ang pagkakataon sa Bangsamoro. Ibig sabihin, walang iwanan.

Anisa "Ling" Gumander

Mapayapa na tayo ngayon, pero hindi lamang natin masisiguro dahil hindi natin nakikita ang bukas. Pakiramdam ko ngayon ay ligtas tayo dahil sa magandang pamamalakad ng gobyerno.

Ummo Weedad Mimbantas

Lahat ay naghirap para sa Jihad lalo na ang pamilya ng mga Mujahidden, malalagay sa mga puso nila ang pagpapasalamat dahil nakamit natin ang BARMM. Nakahiwalay ang Bangsamoro kaya kailangan na ang mga lider natin ay maalagaan nila ang mga tao sapagkat sila ang may kakayahan ngayon.

Maliya Madato

Nitong 2020, ay nagkaroon kami ng bagong organisasyon na tinatawag na LMWOI o ang League of Moro Women Organization Incorporated. Dito ay hinusayan namin ang kaalaman ng mga kababaihan para naman umangat ang buhay nila nang sa ganun ay hindi sila magkakawatak-watak.

Alyah E. Salik

May mga NGO na rin na naghikayat sa amin para tumulong sa mga kumunidad kasi wala na kaming military training ngayon. Kaya ang ginagawa na natin ay pinapalakas ang ating kampanya at pagpapaintindi tungkol sa moral governance ng BARMM.

Johani Ibad

Para sa akin, makakamit natin ang tunay na kapayapaan kung maisasakatuparan ang moral governance.

Rajma T. Ebrahim

Sa pagbahagi ko ng aking kwento, hinihikayat ko ang partisipasyon ng mga kabataan at kababaihan sa gobyerno.

# MGA ADHIKAIN PARA SA KINABUKASAN AT MGA ARAL NA NATUTUNAN



**MS. ANISA “LING” GUMANDER** | EDAD 68

# “KUNG HINDI NGAYON, SA SUSUNOD NA HENERASYON”

*Ang pagbuo ng kapayapaan ay isang pang-matagalang pagsisikap, na nagpapatuloy nang higit pa sa timeline ng pagpapatupad ng kasunduan sa kapayapaan. Ito ay nagpapatuloy sa ilang henerasyon. Para sa mga babaeng mandirigma, ang kapayapaan ay hindi nangangahulugan ng pagtatapos ng pakikibaka; ito ay nagbibigay-daan sa isang bagong anyo ng Jihad, nang walang karahasan. Nagbibigay daan ito sa susunod na henerasyon ng kababaihan na tumuon sa kanilang edukasyon, at upang mag-ambag sa proyekto ng pagtatayo ng estado, habang nagbibigay-pugay sa pamana at sakripisyo ng kanilang mga nakatatanda para sa isang mas magandang kinabukasan.*

## PAGPAPATULOY NG JIHAD

Anisa "Ling" Gumander

Hanggang ngayon na senior na ako ay wala sa puso ko ang magpahinga o umatras kahit ano pa ang mangyari dahil mamamatay din tayo.

Johani Ibad

Sa kapwa kong mga BIWAB, gusto ko lang sabihin o ang mensahe ko lang sa mga kapwa kong BIWAB ay mas lalo pa natin pagtibayin ang ating samahan. Hindi tayo dapat magkawatak-watak, dahil atin pang kinakaharap ang mas mataas na anyo ng Jihad.

Ummo Weedad Mimbantas

Ang hangarin ng ating pakikibaka ay para magkaroon ng sariling pamamahala ang Bangsamoro. Kailangang makakita ng iba't ibang paraan ang BARMM para matulungan ang mga mamamayan, ang mga nangangailangan, ang mga kabataang nangangailangan ng mga programa, at mga nangangailangan ng tulong pangkabuhayan. Lahat sila ay kailangang bigyan ng pansin dahil kung hindi ay mahihirapan ang Bangsamoro na magtagumpay.

Norjane Hussein Andong

Alam ko ay tama ang ginagawa ko, alam kong tama ang ginagawa ng pamilya ko, alam ko na tama yung ginagawa ng lahat ng kasama namin sa ganitong trabaho.

## PARA SA BAGONG HENERASYON

Pahmia Sebing-Hamid

Paunlarin natin ang ating sarili. Turuan natin ang ating mga anak para hindi sila maligaw dahil responsibilidad natin bilang mga magulang na gabayan sila sa tamang landas. Lalo na kayong mga kabataan, dapat kayong mag-aral ng mabuti at makapagtapos dahil may kasabihan na ang 'kabataan ang pag-asa ng bayan.




Alyah E. Salik

Dapat pagtuunan natin ng pansin ang edukasyon at kabataan para sa kinabukasan ng BARMM. Ito ay maaaring maging pangmatagalang solusyon sa pag-iwas sa kahirapan.

Ummo Weedad Mimbantas

Kailangan nating magkaroon ng mga programa para sa mga kabataan ngayon kung paano sila mamumuhay ng mapayapa dahil kung hindi sila mabibigyang pansin ngayon, baka mahirapan tayong tulungan sila sa hinaharap. Kailangang palawigin pa ang mga programa para sa mga kabataan, lalo na sa mga bata upang makamit natin ang tagumpay sa mga susunod na henerasyon.

Hasnah Macmod Abdollah

Ang nais kong ipayo sa mga kabataan, anuman ang mangyari, huwag nilang kalimutan ang BIWAB at lahat ng sakripisyo at kontribusyon nito. Sundin ang mga turo ng Islam at huwag kalimutan ang Jihad.

Alyah E. Salik

Kung hindi ito mangyayari sa panahong ito, maaaring mangyari ito sa susunod na henerasyon. Pag-aralin ang mga kabataan at magtulungan tayo sa pagbuo ng ating pamahalaang Islam.

Anisa “Ling” Gumander

Ang payo na maibibigay ko sa mga kabataan ay huwag magambala sa mga nakaraang karanasan natin. Kailangan nilang tumuon sa kanilang kinabukasan. Kailangan nilang matutunan ang ating relihiyon dahil mayroon na tayong sariling pamahalaan kung saan maaari nating isakatuparan ang Islam.

Norjane Hussein Andong

Ipapayo ko sa mga kabataan na balikan ang ating kasaysayan. Alamin ang mga karanasan, ang mga sakripisyo ng ating mga pinuno, ang mga tunay na pinuno ng Jihad; hindi yung mga oportunista na ngayon mo lang nakita na meron na tayong gobyerno. Isaisip at isapuso ang ating kasaysayan.

Dapat nating pakinggan ang kwento ng ating mga magulang at tiyuhin, upang ating ma pahalagahan ang ating sariling kasaysayan, at ang kasaysayang ito ay maitanim sa ating isipan at puso.

Roqqaya Calamudin Bilay

Umaasa ako na hanggang sa ating huling hininga, tayo ay mananatiling nagkakaisa para sa iisang layunin upang manaig ang mga salita ng Allah. Nais kong mamana ng ating kabataan ang pagkakaisa at pagmamahal sa kapwa anuman ang kanilang tribo, dahil sa Islam, dapat nating mahalin ang lahat.

Ummo Weedad Mimbantas

Kailangan nating magkaroon ng mga programa para sa kabataan para sa mas magandang kinabukasan. Kung hindi sila papansinin ngayon, mahihirapan tayong tulungan sila sa hinaharap. Kailangan nating palawigin at palawakin ang mga programa para sa mga kabataan upang matiyak ang tagumpay ng susunod na henerasyon. Kailangan din nating bigyan




ng pansin ang ating mga senior citizen. Hindi tulad ng mga kabataan, baka hindi nila maani ang bunga ng kanilang mga sakripisyo. Hindi tayo sigurado kung mabubuhay pa sila pagdating ng panahong iyon. Kaya sana mabigyan sila ng pansin.

Alyah E. Salik

Sana ay mabigyan ng scholarship ang mga anak ng shahid mujahidin [mga namatay sa Jihad]. Kailangan nating tukuyin ang pinakamahihirap, lalo na ang mga nasa liblib na lugar, at bigyan sila ng tulong. Ang mga serbisyo ng gobyerno ng BARMM ay dapat makarating sa mga kanayunan.

Roqqaya Calamudin Bilay

Nais lang naming ibahagi ang aming pamana upang ang aming mga pagsisikap ay maalala kahit na kami ay mamamatay na. Maaari nating ipaubaya sa kabataang henerasyon ang pamana na ito, at para malaman nila na minsan ay ipinaglaban ng kanilang mga ninuno ang kanilang kalayaan. Malalaman nila na

ang kanilang mga ninuno ay nakaranas ng pang-aapi sa mga kamay ng mga hindi naniniwala at magpasalamat na hindi na sila makakaranas ng parehong kapalaran.

## PARA SA KABABAIHAN

Pahmia Sebing-Hamid

Ako ay nakikiusap at hinihiling sa aking mga kapatid na Bangsamoro na matuto at huwag umasa lang sa mga lalaki sa BIAF.

Rajma T. Ebrahim

Bilang BIWAB, ang maibibigay kong payo ay manatili tayong nagkakaisa. Magtulungan at suportahan natin ang bawat isa, lalo na sa ating kasalukuyang sitwasyon. Palakasin natin ang ating pagkakaisa at pagkakai-bigan. Kung wala ito, tayo ay mahahati, magkakaroon ng di pagkakaunawaan.

Maliya Madato

Ang pinakamagandang bagay na gusto nating mangyari sa Bangsamoro ay kilalanin ang ating pagkakakilanlan at igalang ang ating mga karapatan bilang babae. Gusto naming tratuhin bilang babae. Naiintindihan namin na ang mga babae at lalaki ay may pagkakaiba sa Islam, ngunit nais din naming ganap na gamitin ang aming mga karapatan bilang isang babae. Gusto naming makamit ang pagkilala ng komunidad at lalong lalo na, gusto naming ang aming mga pagsisikap bilang kababaihan na kilalanin ng mga pinuno ng Bangsamoro at mayroon din tayong karapatan na maglingkod sa komunidad.

Johani Ibad

Para sa akin, gusto kong makapagtapos ng pag-aaral ang aking mga kapatid at ibang babae. Naniniwala ako na ang edukasyon ang kanilang susi sa tagumpay.

Anisa "Ling" Gumander

Ang maganda ay hindi na mararanasan ng mga babae ang hirap at sakit na naranasan natin noon.

Pahmia Sebing-Hamid

Nais kong maging instrumento sa pagtataguyod ng mga karapatan ng mga kababaihan. Magiging instrumento ako sa pagprotekta sa kanila laban sa anumang uri ng karahasan. Nais kong maging instrumento upang turuan ang kababaihan at paunlarin ang kanilang kakayahan para sa kanilang kinabukasan.

# MGA PANGUNAHING ACRONYM

| | |
|---|---|
| BARMM | Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (Philippines) |
| BIAF | Bangsamoro Islamic Armed Forces |
| BIWAB | Bangsamoro Islamic Women Auxiliary Brigade |
| GPH | Government of the Philippines |
| LMWOI | League of Moro Women Organization Incorporated |
| MILF | Moro Islamic Liberation Front |
| MWDECC | Moro Women Development and Cultural Center |
| SWC | Social Welfare Committee |

**INILATHALA NG**
Berghof Foundation Operations gGmbH

© Berghof Foundation Operations gGmbH
Lindenstraße 34
10969 Berlin
Germany
www.berghof-foundation.org

March 2022
Lahat ng karapatan ay nakalaan.


JABIDAH
FRONT
ARMED FORCES
Administrator
Admin1
Admin2
MASS
HUMAN RIGHTS VIOLATION
HAPPENED ON SEPTEMBER 24,197
BUILDTHRU THE EFFORT/INITIATIVE
HADJA ZAINAB GAMPONG
KNOWN AS "MALISBONG